REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-193

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG PAGIGING MGA "ADOPTED SONS" NG BAYAN NG MUNTINLUPA SINA CONGRESSMAN CIRIACO ALFELOR, JR., CONGRESSMAN ELIAS LOPEZ AT CONGRESSMAN CEFERINO PAREDES, JR., GAYUNDIN ANG PAGBIBIGAY NG MARUBDOB NA PASASALAMAT SA KANILANG MASIGASIG NA PAGSUPORTA AT PAGMAMALASAKIT UPANG MAGKAROON NG KAGANAPAN ANG PAGIGING LUNGSOD O HIGHLY-URBANIZED CITY ANG MUNTINLUPA.

*****************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

*****************************************************************

SAPAGKAT, anumang gawain na makapagbibigay kaluwagan at kaunlaran sa magandang layunin ay nararapat lamang bigyan ng pagpapahalaga manapa'y suklian ng katapat na kabutihan;

SAPAGKAT, sina Deputado Ciriaco Alfelor, Jr. Deputado Elias Lopez at Deputado Severino Paredes, Jr. ng Mababang Kapulungan ng Kongreso ay pawang hindi mamamayan ng Muntinlupa ngunit nagpakita ng sigasig upang ang lokal na yunit ay magtamo ng minimithing kaunlaran sa pamamagitan ng pagiging highly urbanized city nito;

SAPAGKAT, ang mga nabanggit na mga kinatawan ng Kongreso ay nagpakita ng gilas at talino upang ang panukalang gawing highly-urbanized city ang Bayan ng Muntinlupa ay maitaguyod at maipasa;

SAPAGKAT, tulad ng taal at naninirahang mamamayan hindi pangkaraniwan ang ipinamalas na malasakit ng mga magigiting na mambabatas para sa Bayan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na ipinahahayag ang pagiging "adopted sons" ng Bayan ng Muntinlupa sina Congressman Ciriaco Alfelor, Jr., Congressman Elias Lopez at Congressman Ceferino Paredes, Jr. gayundin ang marubdob na pasasalamat sa kanilang masigasig na pagsuporta at pagmamalasakit upang magkaroon ng kaganapan ang pagiging lungsod o "highly-urbanized city" ng Muntinlupa.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

*Pahina -2-*
*Kapasiyahan Bilang 94-193*

***PINAGPASIYAHAN*** *ng buong pagkakaisa ng mga kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang tanging pulong na ginanap ngayong ika-22 ng Nobyembre, 1994 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.*

*PINATUTUNAYAN:*

***MGGL. JAIME R. FRESNEDI***
*Pang. Punongbayan/ Tagapangulo*

***KGG. ROGER C. SMITH***
*Konsehal*

***KGG. RUFINO B. JOAQUIN***
*Konsehal*

***KGG. ROMAN E. NIEFES***
*Konsehal*

***KGG. DANTE S. ALMARIO***
*Konsehal*

***KGG. ARTURO S. BUNYI***
*Konsehal*

***KGG. LUCIO B. CONSTANTINO***
*Konsehal*

***KGG. MELCHOR R. TEVES***
*Konsehal*

***KGG. REY E. BULAY***
*Konsehal*

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
*Konsehal*

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
*Konsehal*

**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
*Konsehal*

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo, Samahan ng mga Punongbarangay*

**KGG. MIGUEL LUIS F. RIOSJR**
*Kinatawan ng Sektor*
*Tagapangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

*PINATOTOHANAN:*

**PETER B. SALONGA**
*Pambayang Kalihim*

*PINAGTIBAY:*

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
*Punongbayan*